

**KIAN**KAWASAKI  
INTERNATIONAL  
ASSOCIATION  
NEWS**KAMUSTA KAWASAKI**

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City



## Events Near Kawasaki Marien

NO. 157


### Awa Odori

Magkakaroon ng "Kawasaki Awa Odori Dance Festival" (isa sa mga sayaw ng Hapon) sa ika-2 ng Oktubre (Sabado) mula alas 4:00 ng hapon hanggang alas 8:00 ng gabi. Para sa iba pang detalye makipag-ugnayan sa Kawasaki Station Shopping District Association : ( 2 2 2 ) 9 1 1 1.

### Port Festival

Ang "Kawasaki Minato Matsuri" (Port Festival) naman ay gaganapin sa loob ng dalawang araw mula ika-10 araw ~ 11 araw ng Oktubre sa oras ng ika-10:00 ng umaga ~ 4:00 ng hapon malapit sa lugar ng Kawasaki Marien. Sa loob ng tatlong araw (Oktubre 9 ~ 11) magkakaroon din ng Livestock Products Fair sa Japan Meats Distribution Center na matatagpuan sa tabi ng Kawasaki Marien

### Kawasaki Marien



May bagong patakaran ng pagpapa-reserba sa pag-gamit ng BBQ Facilities ng Kawasaki Marien. Nakakapagpa-reserba noon sa pamamagitan ng pag-tawag sa telepono ngunit mula ngayon ay kinakailangang magpadala ng self-addressed return postcard mula ika-1 hanggang ika-7 petsa ng bawat buwan (isang buwan bago sa planong araw ng paggamit).

Tinatanggap lamang ang aplikasyong may sigurado at tamang marka ng koreo sa araw ng deadline. Isang lugar lamang ang ibibigay para sa isang grupo sa pamamagitan ng bunutan.

Halimbawang tapos na ang Deadline ngunit nagkataong mayroon pang natitirang lugar maaaring magpa-reserba sa pamamagitan ng telepono mula sa ika-15 petsa (isang buwan bago sa planong araw ng paggamit) "first-come-first-served" basis. Kung ang 15 petsa ng buwan ay holiday, tumawag sa susunod na araw at para sa iba pang detalye makipag-ugnayan sa 044-287-6000.

No. 158

## Panahon ng Lindol



### #1 Mga bagay na dapat pag-ingatan kapag lumindol Sa loob ng Bahay

Nitong nakaraang ilang taon, wala pang naranasang malaking lindol na katulad ng Hanshin-Awaji Earthquake ito ay napakalakas at biglaang pangyayari na naging dahilan ng di inaasahang kamatayan. Sa panahong ito marami rin ang nagtamo ng sugat na dulot ng pagbagsak ng mga bagay at pagtapak sa mga bubog ng salamin..

Mga dapat pag-ingatan para sa kaligtasan ng inyong tahanan:

Kapag nagkaroon ng lindol, sikaping humanap ng mapagtataguan halimbawa ay sa ilalim ng mesa upang maiwasang mabagsakan ng ano mang bagay. May posibilidad namang gumalaw ang mesa sa lakas ng yugyug ng lindol kaya ' t mainam na kumapit sa mga paa nito. Kung walang mapagtaguan, sikaping makahagilap ng bagay na malapit sa iyo tulad ng unan at gamitin itong pang-proteksyon sa ulo. Posible ding nagkalat ang mga basag na gamit pang-kusina, bombilya ng ilaw at salamin kaya ' t ingatan ang bawat hakbang upang maiwasan ang pagtapak sa mga ito. Ipinapayong magsuot ng tsinelas lalo na sa gabi. Subukang patibayin ang inyong tahanan laban sa lindol. Halimbawa ay ang paglalagay ng " fall or move prevention equipments " sa mga kasangkapan. Iwasang maglagay ng mabibigat at babasaging bagay sa matataas na lugar. Makakabuti din ang pag-gamit ng " anti-glass scatter film " sa mga bintana, aparador na may salamin at siguraduhing matibay at maayos ang pagkapatong ng mga kasangkapan. Maglaan din ng ligtas at bakanteng lugar sa loob ng tahanan at maghanda ng flashlight at tsinelas sa lugar na madaling matagpuan sa bawat kwarto.



# Panahon ng Lindol

No. 159

## # 2 Mga bagay na dapat pag-ingatan kapag lumindol Sa labas ng Tahanan

Kapag lumindol at nagkataong nasa labas ng bahay, mag-ingat sa mga bagay na maaaring bumagsak dahil sa lindol tulad ng bubog ng salamin mula sa bintana mga plakards haligi ng building at mga yero. Kung may dalang bagay tulad ng bag, gamitin itong parang sombrero pang-proteksyon sa ulo.

Kung kakailanganing lumabas mula sa loob ng building, Huwag sasakay sa elevator. Kung nagkataong nakasakay sa Elevator at nangyari ang lindol, pindutin ang bawat palapag at bumaba sa unang hinto nito at magtungo sa ligtas na lugar. Kapag nakulong sa loob ng humintong elevator, pindutin ang " emergency button " upang humiingi ng saklolo.

Kapag lumindol habang nasa loob ng pamilihan, department store o supermarket, lumayo sa display windows o show cases at sikaping kumapit sa makakapal na haligi. Huwag mag-panik o magmadali at huwag makipag-unahan sa hagdanan at pintuan. Kapag nasa ilalim ng building, (underground) at walang sunog, walang baha at walang singaw ng gas walang dapat alalahanin sapagkat mas ligtas ang lugar na ito kaysa sa labas. Mangyari mang mag block-out, may emergency lights at hindi ito namamatay kaya kumilos ng mahinahon at huwag makipag-unahang umakyat tungo sa labasan.

Kapag nagkaroon ng sunog takpan ng panyo ang bibig at ilong upang maiwasan ang usok at lumakad ng malapit sa dingding ng nakayuko patungo sa ligtas na lugar

Issued by The Kawasaki International Association

237-1 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 211-0033 Kawasaki International Center  
Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:<http://www.bremen.or.jp/kian/>